



Isyu 54 Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki


Pinamatnugan at inilathala ng: Tanggapan ng Mamamayan, Karapatan ng Kabataan at
Pagkakapantay-pantay ng kasarian sa Lungsod ng Kawasaki
Inilathala noong Agosto 21, 2015

(Wikang Hapon) <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0.html>


(Wikang Hapon na madaling maintindihan) <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>

Paguulat sa Alkalde at sa Konseho ng Kawasaki ukol sa Aktibidad ng taong 2014

Noong ika 20 ng Abril 2015 (Lunes), ang Ika-10 Termino ng Kinatawan ng Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki ay nagsumite ng Ulat para sa Taong 2014. Ito ay sinumite sa Alkalde ng Lungsod ng Kawasaki na si Ginoong Norihiko Fukuda, at dinaluhan ng tagapangulo ng kinatawan na si Joachim Senou, bise-pangulo na si Charles Olson, tagapangulo ng seksyon ng panlipunang pamumuhay na si Jialin Ren, at kinatawan ng seksyon ng edukasyon para sa welfare na si Edward Kezengwa.



Nakasaad sa ulat na isinumite ang mga opinyon ukol sa iba't ibang tema na itinalayak sa mga pagpupulong sa taon ng 2014. Iniulat din ang mga aktibidad ng mga Kinatawan kagaya ng open forum. Ayon kay Ginoong Fukuda, "Nais kong ipagpatuloy ang pagpapabuti ng bayan para sa mga Japanese at sa mga dayuhan. Sa aking palagay, ang pakikinig at pagsusuri ng opinyon ninyong lahat ay isang daan upang pabutihin ang pamumuhay sa Kawasaki. Bilang isang lungsod, ang proposal ng Kinatawan ng mga Dayuhan ay masugid kong nais tanggapin. Kung maari, nais ko din isagawa ang mga maaaring iimplementang opinyon na naihayag sa mga miting." Kanya ding inimbitahan sina Ginoong Senuou at Ginoong Olson sa gaganapin na pagpupulong ng konseho ng lungsod sa ika-21 ng Hulyo (Martes) upang iulat ang mga nasabing aktibidad ng 2014.



Iskedyul ng Pagpupulong ng mga Kinatawan sa taong 2015

Lugar: Kawasaki International Center (10 minutos na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Toyoko Line)

Oras : mula 2pm hanggang 5pm

Mapa: <http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml>

9/13 (Linggo)	Ika-2 araw ng ika-2 miting
10/18 (Linggo)	Unang araw ng ika-3 miting
12/6 (Linggo)	Ika-2 araw ng ika-3 miting
1/17 (Linggo)	Unang araw ng ika-4 na miting
2/14 (Linggo)	Ika 2 araw ng ika-4 na miting



☆☆☆☆☆

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!

<Recruitment para sa Ika-11 Termino ng Kinatawan ng Dayuhan>

Ang Pagpupulong ng Kinatawan ng Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki ay naisagawang ordinansa ng Lungsod ng Kawasaki mula taong 1996. Ito ay naisagawa upang mabigyan ng munisipal na partisipasyon ang mga dayuhang naninirahan sa Kawasaki. Sa pagpupulong, ang mga kinatawan ay pumipili ng tema mula sa mga pang-araw-araw na karanasan at problema ng mga dayuhang residente. Magpapasa ng proposal sa alkalde matapos pag-aralan at pag-usapan ang tema.

- Termino: Mula Abril 1, 2016 hanggang Marso 31, 2018 (2 taon)
- Bilang ng posisyon: 26 katao
- Tungkulin: Ang miting ay gaganapin 8-9 beses sa isang taon, tuwing hapon ng Linggo. Maliban dito, magsasagawa din ng fieldwork, at pagsali sa mga ibento.
- Kwalipikasyon (ang mga taong naaangkop sa lahat ng kwalipikasyon ay pwede mag-aplay):
 1. Walang hawak na Nasyonalidad na Hapon
 2. Ang edad ay 18 pataas mula Abril 1, 2016
 3. Nakatala bilang resident ng Kawasaki nang higit sa isang taon mula Abril 1, 2016
- Paraan ng pag-aplay: Ipadala sa poste ang application form hanggang Nobyembre 17, 2015 (Martes). Ang tatak ng poste ay hanggang sa araw na ito.

- * Mula Setyembre, ang application form ay maaaring matagpuan sa kuyaku-sho, shimin-kan, library (tosho-kan), Kawasaki International Center, atbp
- * Maaring idownload mula sa < <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000069405.html> >

< Para sa katanungan >

Tanggapan ng Mamamayan, Karapatan ng Kabataan at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian sa Lungsod ng Kawasaki, Panukala para sa Dayuhang Residente
TEL 044-200-2359 FAX 044-200-3914 E-mail 25gaikok@city.kawasaki.jp

**Iparinig sa amin
ang inyong tinig !**

Paunawa tungkol sa Open Forum

Ang open forum ay isinasagawang miting upang marinig ang opinyon at katanungan ng iba't ibang tao. Ito din ay isinasagawa upang ipaalam sa karamihan ang pagpupulong ng mga kinatawan ng mga dayuhan. Kahit sino ay pwedeng sumali. Kung kinakailangan ang mga kinatawan ay pwedeng mag-translate.

Araw at oras: Nobyembre 15, 2015 (Linggo), mula 2pm hanggang 5pm
Lugar: Kawasaki International Center

- ☆ Ang programa ay pinaplano pa, ngunit sa ngayon ay pinag-iisipan na gawin itong programa na maaaring magpalitan ng opinyon ang maraming tao
- ☆ Pagkatapos ng open forum, magkakaroon ng party para makihalo. Ito ay hanggang 6pm.

***Para sa mga nagpapalano na mag-apply bilang Kinatawan ng mga Dayuhan, halina at sumali sa open forum!**

◇Ulat mula sa bawat Seksyon◇

■ Seksyon ng Edukasyon para sa Welfare

Noong ika-21 ng Marso (Sabado), kami ay nagsagawa ng fieldwork sa Tsuzuki My Plaza ng Lungsod ng Yokohama. Ang Tsuzuki My Plaza, matatagpuan 3 minuto mula sa Center Kita station, ay ginagamit bilang international lounge at lugar para sa mga gawaing komunidad ng mga kabataan.

Sa aming pakikipag-usap sa director, aming napag-alaman ang papel na ginaganap ng Plaza bilang “tagapamagitan ng organisasyon ng suporta.” Ito ay lugar para magbigay ng impormasyon sa mga residenteng dayuhan, lugar na madaling gamitin ng mga kabataan, at lugar para makipaghalubilo sa iba’t ibang tao ng komunidad.

Sa Seksyon ng Edukasyon para sa Welfare, ang lahat ng planadong suriin na tema, kabilang ang naidagdag na tema ng pagpasok sa high school (nailabas na issue noong Open Forum), ay nasuri na noong nakaraang Abril. Mula ngayon, aming babalikan ang mga napag-aralan na tema upang gumawa ng proposal.

(Beatriz Izumi Sonoda, Tagapangulo ng Seksyon ng Edukasyon para sa Welfare)

■ Seksyon ng Panlipunang Pamumuhay

Sa Seksyon ng Panlipunang Pamumuhay, aming sinuri ang tatlong tema.

1. Ukol sa “Paghahatid ng Impormasyon”, aming tinalakay ang hamon ng pag-gamit sa Kawasaki ng kaalamang nasagap mula sa fieldwork sa Tsuzuki My Plaza ng Yokohama.
2. Ukol sa “Pag-gawa ng platapormang pang-komunikasyon sa pagitan ng pamahalaan at mga residente”, base sa resulta ng survey ng mga dayuhang residente, at base rin sa sariling karanasan ng mga kinatawan, napag-usapan na kapaki-pakinabang ang pagkakaroon ng bagay kagaya ng site para sa komunidad.
3. Ukol sa “Suporta para sa short stay na residente”, napag-usapan na para sa mga short stay na residente, mahirap ang pag-hahanda ng appliance at ng kasangkapan sa bahay, pagkatapos nila dumating sa Japan. Ayon sa tagapamahala, ang “Kawasaki-shi Tachibana Recycle Community Center” at “Recycle Village Tsutsumine” ay mga pasilidad sa Kawasaki na nag-rerecycle ng kasangkapang bahay upang ipamigay sa mga residente sa pamamagitan ng raffle.

Sa Seksyon ng Panlipunang Pamumuhay, sa miting noong Mayo, aming napagtalakayan na ang lahat ng naka-planong tema. Mula ngayon, nais naming magsuri nang mas maigi para sa proposal.

(Jialin Ren, Tagapangulo ng Seksyon ng Panlipunang Pamumuhay)



<Information Corner>

Alam mo ba ang “Handy Note para sa Kalamidad”?

Ang “Handy Note para sa Kalamidad” mula sa Kanagawa International Foundation, ay mga ipinagsamang impormasyon na magagamit sa oras ng kalamidad. Ang Handy Note na ito ay ginawa na madaling ilagay sa wallet o kwaderno. Ang mga importanteng pangalan at numero ng telepono, malapit na evacuation center, impormasyon tungkol sa sarili, ay isulat sa handy note.

Mga Wika: Chinese, Koreano, Tagalog, Portuges, Espanyol, Vietnamese, Ingles, Thai, Cambodian, Lao, Nepali
(lahat ay may Japanese translation)

Lokasyon ng distribusyon : KANAFAN STATION (<http://www.kanafan.jp/station>)

I-download mula sa: Kanagawa International Foundation (http://www.kifjp.org/news_tabunka/1897)

Maaari din makatanggap sa email ng libreng kapaki-pakinabang na impormasyon. Magpadala lamang ng email sa “Info Kanagawa” < infokanagawa@kifjp.org >. Isulat sa email ang nais na wika ng impormasyon.

(Minsuk Gong)

Mga Pyesta sa Mundo – Alam mo ba ang “Octoberfest”?



Kapag sinabing Germany, ano ang una nating maaalala? BEER! Kapag sinabi namang autumn sa Germany? Yes, that's it! Oktoberfest!!! Maraming nakakaisip ng Oktoberfest kapag sinabing autumn sa Germany.

Simula pa noong taong 1810, sa lungsod ng Munchen, na matatagpuan sa timog ng Germany, mula katapusan ng Setyembre, nagsisimula ang pyesta na ito na alam sa buong mundo bilang isang napakalaking selebrasyon. Ngayon man, ito ay kilala sa mundo bilang “Pyesta ng Beer”, isang tipikal na pyesta ng Germany.

Sa Oktoberfest, bawat taon may 6 milyong katao ang bumibisita. 20% ng mga bisita ay galing sa iba't ibang lugar, mula sa mga kalapit na bansa hanggang sa iba't ibang bansa sa mundo. Masasabing ang mga bisitang Japanese ay marami rin. Bawat taon, dumadami ang naiinom na beer. Sa ngayon, ito raw ay higit na sa 6 milyong litro.

Masasabing ang Oktoberfest ay ang pinakamalaking pyesta ng Germany, ngunit kumpara sa pyesta ng ibang lugar sa Germany, hindi ganoon kaluma ang kasaysayan nito. Isang halimbawa ng pyesta na may mas matagal na kasaysayan ay ang “Bergkirchweih” ng lungsod ng Erlangen. Ito ay ipinagdiriwang tuwing Mayo, mula pa noong 1755. Ang ngalan na Bergkirchweih ay mula sa “Parish fair of the hill church”. Ngunit sa ngayon, ganap na “Pyesta ng Beer” ang imahe nito. Hindi ito maliit na pyesta. Dahil may 1 milyong katao ang dumadalo dito, tuwing bakasyon ay sobrang sikip sa lugar na halos hindi makalakad sa harapan.

Noong college student ako, madalas kong maalala ang mga pyestang ito dahil inililipat ng aking Japanese teacher ang lesson sa mga lugar na may pyesta. Sa Japan, nagiging popular na din ang “Pyesta ng Beer” na kagaya ng pyesta sa Germany. Kailan lang, ito ay ginaganap sa Akarenga ng Yokohama, sa Hibiya Park, o kaya ay sa Odaiba.

Sa mga mahilig sa pyesta, mga interesado sa Germany, o kaya sa mga taong mahilig sa beer, para sa inyong “残暑払い(zansho-barai)”, bakit hindi sumali sa mga pyesta? Ngunit tayo'y mag-ingat at huwag masyadong uminom! ☺

(Daniela Dittmar)



〈Paunawa ukol sa Senso〉

—Paghingi ng Kolaborasyon—

Mula Setyembre hanggang Oktubre, magkakaroon ng senso upang suriin ang populasyon, edad, trabaho, atbp ng lahat ng naninirahan sa Japan (kabilang ang mga dayuhan) mula Oktubre 1, 2015 (Huwebes). Mula Setyembre 10 (Sabado), ang researcher para sa senso ay bibisita sa inyong tahanan upang humingi ng kolaborasyon. Hanggang Setyembre 20 (Martes), maaring magpasa ng sagot gamit ang internet (pang wikang Hapon o Ingles lamang). Sa mga hindi makakasagot gamit ang internet, maaring ipasa lamang ang sinagutang questionnaire na manggagaling sa researcher, hangang Oktubre 7 (Sabado). Gamitin ang poste (hindi kailangan ng selyo) o kaya ay isauli ito sa researcher.

Ang makukuhang impormasyon ay gagamitin para sa statistics lamang, at hindi gagamitin para sa ibang bagay. Salamat sa inyong pakikipagtulungan.

こくせいちょうさ

国勢調査 2015

Para sa katanungan: Statistics Data Division, General Planning Bureau, Kawasaki City

Tel: 044-200-2070

<Para sa katanungan>

Tanggapan ng Mamamayan, Karapatan ng Kabataan at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian sa Lungsod ng Kawasaki 1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-8577

Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tangapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.



古紙パルプ配合率70%再生紙を使用